

Si Mila



**Si Mila ay masipag.
Siya ay mabait na bata.
May alaga siyang pusa.
Ang pusa ay kulay puti.**



Ang Aking Aso



Ang aking alagang aso
ay bibo. Ang pangalan
ng aso ay Momo.
Si Momo ay maamo.




Ang Aming Bahay



Nakatira kami sa maliit na bahay. Ang aming bahay ay may bubong. May dalawa itong pintuan. May apat na bintana.



Ang Lapis



Ako ay may lapis. Ang aking lapis ay bago. Ito ay kulay dilaw. Ginagamit ko ang lapis sa pagsulat at pagguhit.



Si Lita



**Si Lita ay aking kapatid.
Siya ay mapagmahal.
Siya ay masipag na
mag-aaral. Mahal ko rin
si Lita. Kami ay masaya.**



Ang mga Bata



Ang mga bata ay nasa sapa. May dala silang mga banga. Kasama rin nila ang kanilang mga alaga.



Ang Aking Ina



**Ang aking ina ay si Ana.
Masipag magluto ang
aking ina. Mahilig din
siyang magtanim ng
halaman.**




Si Nena



**Si Nena ay kalaro ni Mika.
Si Nena ay may manika.
Ang manika ni Nena ay
malaki. Masaya palagi
sina Nena at Mika.**



Ang Saging



Ang saging ay paborito kong prutas. Ito ay kulay dilaw. Masustansya ang saging. Masarap itong kainin.

